PONDO NG CO-IMPACT PARA SA KASARIAN

# Bukas na Pagtawag para sa Mga Grant sa Antas ng Bansa

**Para masuportahan ang mga inisyatibo na that dahilan ng pagiging makatarungan at kumpleto ng mga sistema at nagsusulong ng pamumuno ng mga kababaihan sa lahat ng antas**



# Ang aming imbitasyon

Nasasabik ang Co-Impact na ianunsiyo ang Bukas na Pagtawag nito para sa **Mga Grant sa Antas ng Bansa** para maisulong ang pagiging patas ng kasarian. Nakikinita namin ang isang mundo na patas ang kasarian kung saan ang lahat ng tao ay maaaring mabuhay na natutupad ang kagustuhan nila sa buhay – kung saan ang mga sistema at lipunan ay makatarungan at kumpleto, at ang mga kababaihan at batang babae[1] ay kabilang sa lahat ng lugar kung saan ginagawa ang mga desisyon.

Kinikilala namin na maraming paraan para maisulong ang pagkakapantay-pantay ng kasarian. Kasama rito ang mga teknikal na engagement, mga pagsusumikap sa adbokasya, pagpapalakas sa pamamahala at mga mekanismo sa pananagutan, pagtalakay sa mga malalim na kaugalian ng lipunan, at mga ibang paraan sa paghamon sa status quo. Sa sentro nito, naghahanap kami ng mga katuwang na ang pananaw ay ang nagtatagal at positibong pagbabago ay kailangan ng mga *feministang pamamaraan na tumatalakay sa mga ugat na dahilan ng kawalan ng hustiya sa istraktura, tinatanong kung sino ang may hawak ng kapangyarihan at kung paano ito isinasagawa, tugunan ang naglilimita at nagdidiskriminang kaugalian, at pinalalalim ang inklusyon*.

Ang Bukas na Pagtawag na ito ay isang imbitasyon sa **Mga Global South na organisasyon** - mga pangkat ng lipunang sibil, mga think-tank at mga akademikong institusyon, mga propesyonal na asosasyon at mga network, mga grupo ng karapatang pang-kababaihan, at mga feminista at kaugnay na kilusan, kabilang ng iba. Iniimbitahan namin kayong mag-apply at samahan kaming gumalaw patungo sa karaniwang layunin na **gawing patas at kumpleto ang mga sistema** at lumikha ng pantay na gagalawan para sa **mga kababaihan at mga batang babae na umangat at lumago sa mga posisyon ng pamumuno sa lahat ng antas** – sa sambahayan, sa kanilang mga komunidad, at sa pinakamataas na mga nasyonal na institusyon.

# Ang aming paninindigan

Sa mga pagkonsulta sa mga feminista, mga namumuno sa mga organisasyon ng mga karapatan ng kababaihan, mga eksperto sa kasarian, mga aktibista, at mga tagapagtanggol, malinaw nating narinig na may malalaking puwang sa pagpopondo para sa pagiging patas sa kasarian. Kasama sa mga puwang na ito ang kulang sa pondong mga lugar na may isyu, iyon ay, mga hadlang na pumipigil sa kababaihan at sa mga batang babae at mas malaki pang mga puwang sa mga klase ng organisasyong napopondohan. Narinig din namin kung paano ang mga organisasyong pinamumunuan ng kababaihan sa Global South ay kadalasang walang mapagkukunan at suporta para palakasin ang sarili nilang organisasyon para sa pangmatagalang katatagan.

Narinig din namin na ang kawalan ng pagkapatas sa kasarian ay higit na naisusulong sa pamamagitan ng **intersectional** lens – sa pagtugon sa kung paano ang lahi, uring panlipunan, klase, liping kinaaaniban, pagkakakilanlan, at iba pang anyo ng diskriminasyon na nagpapalala sa kawalan ng pagkakapantay-pantay at eksklusyon. Narinig din namin na ang pangmatagalang pagbabagong ito ay matagal, masalimuot, at kailangan ng lokal na nakaugat na mga organisasyon na naninindigan sa dahilan at nauunawaang mabuti ang mga konteksto ng mga ito.

Samakatwid, sa bukas na pagtawag na ito, nilalayon natin na:

- Suportahan ang mga organisasyon na tumutugon sa mga ugat na dahilan at nagsusulong ng systemic na pagbabago.
- Makapagbigay ng naaayon at pangmatagalang pagpopondo, kabilang ang mga nakalaang mapagkukunan para sa pagpapalakas ng organisasyon.
- Siguruhin na ang 100% ng mga grant natin ay mapupunta sa mga Global South na organisasyon at hindi bababa sa 75% ng ating mga grant ay sa mga organisasyong pinamumunuan ng kababaihan
- Unahin ang intersectional lens sa kabuuan ng ating proseso – sa panahon ng pagrepaso, kasipagan, at pagpili.

- Respetuhin na ang mga organisasyong katuwang natin ang nagdidirekta at pinakamainam na magpasya kung ano ang mga pinakamahusay na pamamaraan para makamit ang pangmatagalang pagbabago

Habang hinahangad nating suportahan ang mga feministang pamamaraan at isulong ang mga karapatan ng kababaihan sa ating trabaho, kinikilala natin ang kritikal na tungkulin na nilalaro ng Mga Organisasyon ng *Mga Karapatang Pangkababaihan* at *Mga Feministang Kilusan* sa pagpapasulong ng pagging patas sa kasarian. Sisiguruhin natin na **hindi bababa sa 10% ng pondo natin** ang mapupunta sa mga organisasyon na kinikilala ang sarili nila na kabilang sa mga grupong ito.

# Mga pangunahing konsiderasyon

## A. PAGKAKAUGAT SA GLOBAL SOUTH

Inaatasan namin ang lahat ng aplikante (para sa nangungunang organisasyon kung nag-a-apply bilang consortium/koalisyon) na maugat sa Global South. Pinapakita ng aming karanasan na ang lokal na nakaugat na mga organisasyon ay naghahatid ng mas malalim na pag-unawa ng lugar ng isyu at konteksto ng pamamahala, ay may mas malalim at pinagkakatiwalaang relasyon, at may pangmatagalang paninindigan na kritikal sa pangmatagalang pagbabago. Dapat matugunan ng mga aplikante ang **hindi bababa sa 2 sa 3 Global South** na pamantayan *(ang pagtatangi ay ibibigay sa mga organisasyon na nakatutugon sa lahat ng 3 pamantayan)*:

- Ang Pandaigdigang Head Office at ang mayorya ng presensiya ng kabuuang kawani ng Nangungunang Organisasyon ay nasa Global South na bansa
- Ang namumuno sa inisyatibo[2]/nangungunang organisasyon at hindi bababa sa 50% ng nakatataas na pamumuno ay mula sa Global South
- Ang nangungunang organisasyon/inisyatibo ay matagal nang nakaugat sa rehiyon, naipapakita ng 10+ taon na pagsisikap sa pagpapalakas sa mga sistema sa bansa/rehiyon, pangmatagalan at makabuluhang pakikipagtulungan sa trabaho sa mga lokal na artista, at paninindigan sa pamumuhunan sa lokal na talento para sa mga posisyong pamumuno.

## B. MGA FEMINISTANG PAMAMARAAN AT PINAMUMUNUAN NG KABABAIHAN

Hinihiling namin sa lahat ng aplikante na malinaw na sabihin kung paano tinutugunan ng inisyatibo ang istrakturang diskriminasyon sa kasarian at eksklusyon, pinahuhusay ang kapangyarihan at ahensiya sa kababaihan at mga batang babae, at sinusulong ang pamumuno ng kababaihan at impluwensiya[3]. Nananatili tayong bukas sa kung paano binibigyang kahulugan ng mga aplikante at isinasagawa ang mga pamamaraan iyon ay, intersectionality, pagbuwag ng kapangyarihan, at pagtalakay sa diskriminasyon at eksklusyon.

Naniniwala rin kami na ang paggawa namin sa grant ay pinahuhusay ng malakas na pangangatawan ng kababaihan na kasama sa ating mga katuwang sa programa[4]. **Sisiguruhin namin na hindi bababa sa 75% ng aming mga grant na nasa antas ng bansa ay higit na pinamumunuan ng kababaihan**. Ang ibig naming sabihin sa "higit na pamumuno ng kababaihan" ay:

- Ang pangunahing namumuno at malaking bahagi ng nakatataas na namumuno ay ang anchor na organisasyon o inisyatibo ay kababaihan.
- Komposisyong kasarian ng istraktura ng pamamahala ng anchor na organisasyon (hal. ang Lupon) ay may malaki at/o dumadaming representasyon ng kababaihan.

Inaasahan namin na ang bulto ng aming pondo ay mapupunta sa mga non-profit na grupong panlipunan. Subalit, ang mga for-profit na organisasyon ay nararapat kung saan ang pangunahing layunin ng pagsusumikap ay para makakamit ng pangmatagalang panlipunang epekto para sa milyon-milyong tao. Hindi namin mapopondohan ang mga kampanya o mga "lobbying" na organisasyon.[5]

## C. HEYOGRAPIYA

Ang ating grantmaking ay tutuon sa set ng mga bansa na nakatutugon sa basic na threshold ng pamamahala at sibikong kundisyon. Para pahintulutan tayong bumuo ng mas malalim na kontekstuwal na pag-unawa at gumawa ng ecosystem[6] na pamamaraan sa ating grant-making at pagbuo ng relasyon, iniimbitahan namin ang mga inisyatibo na tutuon sa mga bansa sa listahan sa ibaba:

- **Africa:** Côte d'Ivoire, Ghana, Kenya, Nigeria, Senegal, at South Africa.
- **Asia:** India, Indonesia, Philippines, at Sri Lanka.
- **Latin America:** Brazil, Mexico, at Peru.

## D. NAKATUON SA RESULTA

Para tulungan kaming maintindihan kung paano positibong maaapektuhan ng inisyatibo ang mga tao sa pangmatagalang pagbabago sa mga sistema at mga institusyon na naglalayong pagsilbihan ang mga tao, hinihiling namin sa mga aplikante na malinaw na sabihin ang mga kalalabasan na nilalayon nilang makamit sa panahon ng grant.

Kinikilala namin ang kahalagahan ng pagsukat sa epekto sa antas ng populasyon, iyon ay, **mga resulta sa antas ng tao** at naising suportahan ang mga inisyatibo na gumagawa ng holistic na pamamaraan na pinagsasama ang pagpapabuti sa kalalabasang patas sa kasarian at pagsulong sa kapangyarihan ng kababaihan, ahensiya at pamumuno. Sa pinakamamama, inaasahan namin ang mga kalalabasang magkakahiwalay ang kasarian, at hihikayatin ang mga aplikanteng kumuha ng intersectional lens sa pagtugon sa nagdidiskriminang layer ng klase, lahi, uring panlipunan, liping kinaaniban, at pagkakakilanlan bukod sa iba. Higit pa, naniniwala kami na ang **systemic at institusyonal na pagbabago** ay mahalaga para makamit ang epekto sa sukatan at magtagal ang pagbabago sa paglipas ng panahon. Bilang naaayon, pakipaliwanag ang mga partikular na sistema at/o institusyonal na shift na susulong ka, at kung bakit ang mga pagbabagong ito ay mahalaga para makamit ang mga resulta sa antas ng tao. Sumangguni dito para sa higit pang impormasyon sa mga klase ng antas ng tao at antas ng sistemang resultang nilalayon natin.

# Ang ating mga bintana ng pagkakataon

Sa pamamagitan ng Bukas na Tawag na ito, magbibigay kami ng tatlong klase ng grant – **ANCHOR, DOMAIN, at CATALYTIC** – ang bawat isa ay may sarili nitong layunin, saklaw, at inaatas para sa bawat pagpipilian.

## 1. MGA ANCHOR GRANT

### LAYUNIN

Susuportahan ng mga grant na ito ang mga inisyatibo sa pagbabago sa mga sistema na naglalayong **pabutihin ang patas sa kasariang kalalabasan at pamumuno ng kababaihan sa mga sektor ng kalusugan, edukasyon, at pang-ekonomiyang oportunidad.**

Ang mga inisyatibo na mas bagay sa Anchor Grants ay may mga pamamaraan/pathway para magdulot ng pangmatagalang pagbabago sa sukatan sa isa o mas marami pa sa mga sektor na ito sa pagtuon sa mga pangunahing lever sa mga sistema na nagbibigay ng pinaka-basic na mga serbisyo ng kalusugan, edukasyon, at pang-ekonomiyang oportunidad sa milyon-milyong tao.

### MGA DETALYE NG GRANT

Ang bawat Anchor Grant ay susuporta sa mga napatunayang ideya na 'malawakang ipatutupad'[7] para makinabang ang isa man lang milyong tao sa 5 hanggang 6-taong panahon. Ang tinatayang saklaw ng Anchor Grants ay nasa pagitan ng **US $5-20 milyon sa buong panahon ng grant.**

### MGA NAGLALARAWANG INISYATIBO

Kasama sa pinapalagay/*naglalarawang* mga halimbawa ng Anchor grants ang:

- Isang feministang organisasyong tagapagtanggol sa India na nagtatrabaho para palakasin ang mga kooperatiba ng magsasakang kababaihan, sa pakikipagtulungan sa mga pribadong negosyo sa sektor ng agrikultura at sa mga organisasyon ng sibil na lipunan na nagtatrabaho para mapabuti ang mga karapatan sa lupa ng mga maliliit na magsasaka. Nilalayon ng inisyatibo na taasan ang napanatiling kita ng mga mga maliit na magsasakang kababaihan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng kanilang pag-access sa mga agrikulturang input, impormasyon, at merkado, habang dinadagdagan din ang kanilang ligtas na panunungkulan sa lupa at pagpapahusay ng kanilang pakikipag-ugnayan sa mga iskemang pangkabuhayan ng gobyerno.

- Ang Kenyan na sibil na lipunang organisasyon na sumusuporta sa Ministro ng Kalusugan para palawakin ang iskema nito sa panglipunang kalusugang insurance, partikular para sa mga hindi pormal na mga trabahador (na sa karamihan ay kababaihan). Nilalayon ng inisyatibong mapabuti ang kalalabasan ng kalusugan ng ina at anak sa pagdagdag ng access sa mga serbisyong pangkalusugan ng komunidad, habang pinapababa ang mula sa bulsang gastos sa mga mas mababang kitang mga pamilya. Ang inisyatibong ito ay nakikipagtulungan sa malaking ahensiya ng Gobyerno at tinitingnang pambansang i-scale ang modelo na nagpakita ng mga positibong resulta sa ilang county.

- Ang isang grupo ng mga karapatang pangkababaihan sa Mexico na mahigpit na nakikipagtulungan sa mga organisasyong nasa komunidad na nagtatanggol para i-leverage ang solidarity network at paggamit ng istratehikong litigasyon para maitaguyod ang dagdag na alokasyon ng dulugan para sa pangkaisipan at legal na serbisyo para sa mga nakaligtas sa karahasang batay sa kasarian (GBV). Ang lahat ng kababaihang pangkat ng mga social worker ay nagbibigay ng pagpapayo, pagsangguni, pangangatawang serbisyo sa sa mga nakaligtas sa GBV para sa kanilang legal, panlipunang suporta at pangangailangan sa kalusugan. Sinusuportahan ng grant ang pangkat na ito para tumutok sa loob ng kanilang network na gumawa ng pagsasanay sa adbokasya at bumuo ng kampanya sa paligid ng pangangailangan sa mga binagong batas at regulasyon sa karahasan laban sa kababaihan, hanag pinatataas ang pangangailangan sa dagdag na pagkakaroon ng serbisyo sa antas ng komunidad.

## 2. MGA DOMAIN GRANT

### LAYUNIN

Ang mga grant na ito ay susuporta sa mga inisyatibo na tututok sa institusyonal na pagbabago para isulong ang kakayahan ng kababaihang pumasok, panindigan, at lumago sa mga posisyon ng pamumuno sa akademiko at propesyonal na domain ng **batas at/o ekonomiya.**

Ang mga inisyatibo para sa Mga Domain Grant ay maaaring tumuon sa pagkakalas ng istraktura at normative na hadlang tulad ng mapanganib na patakaran at kasanayan, kakulangan ng pormal/hindi pormal na networking at mentoring na oportunidad, hindi sapat na huwaran, at paglimita ng panlipunan at propesyonal na pagkiling bukod sa iba.

Para sa matagalang nasusukat na pagbabago, kinikilala namin ang pangangailangang tumuon sa mga pangunahing institusyon sa domain ng batas at/o ekonomiya. Ginagamit namin ang mga sumusunod na kategorya para matukoya ang mga pangunahing institusyon at nananatiling bukas sa mga ideya mula sa mga aplikante:

- **Mga Kritikal na Institusyon** – Ito ay mga institusyon na may hindi masusukat na impluwensiya sa pampublikong patakaran, pambansang priyoridad, alokasyon ng kagamitan, at mga isyu na kaugnay ng kasarian. Samakatuwid, kritikal na isulong ang pamumuno ng kababaihan sa mga institusyon na kasama pero hindi limitado sa mga ministro o pangunahing ahensiya ng gobyerno na responsable sa Pananalapi, Pagpaplano, Pampublikong Patakaran, Hustisya, Pampublikong Serbisyo o katulad.

- **Pipeline at Mga Pangusportang Institusyon** – Ang mga ahensiyang ito ay nagbibigay sa, nagtataguyod ng institusyonal na pagbabago, at/o pinahihintulutan ang mga pathway sa pamumuno sa mga kritikal na institusyon. Kasama rito pero hind limitado sa mga akademikong institusyon, mga propesyonal na asosasyon, at mga network at nagsasamang mga ahensiya, bukod sa iba.

### MGA DETALYE NG GRANT

Ang bawat Domain Grant ay susuporta sa nagbabagong pang-organisasyon at institusyonal na kasanayan sa mga pangunahing institusyon sa Batas at Ekonomiya. Ang tinatayang saklaw ng Mga Domain Grant ay nasa pagitan ng **US $2-4 milyon sa buong panahon ng grant na 5-6 na taon.**

### MGA NAGLALARAWANG INISYATIBO

Kasama sa *pinapalagay/naglalarawang* mga halimbawa ng mga Domain grant ang:

- Ang isang think-tank sa Indonesia, na pinangungunahan ng mga feministang ekonomista, ay sumusuporta sa chambers of commerce at Ministry of Labor para maglabas ng katibayan na may kabatirang patakaran at mga istratehiya para maisulong ang pamumunod ng kababaihan sa pormal at hindi pormal na mga sektor. Tumutulong ang inisyatibong lumikha ng mga oportunidad para sa mga feministang ekonomista para pamunuan ang pagsusulat ng mga pang-akademiko at pampatakarang papeles, oportunidad para sa pormal na networking sa mga ibang ekonomista, at mentorship na programs sa nakatataas na mga opisyal ng Gobyerno. Gumagana rin ang inisyatibo sa pagrepaso ng mga patakaran at kasanayan sa Ministry of Labor para mapadami ang pangangatawan ng kababaihan sa lahat ng antas at tinatalakay ang mga hadlang sa institusyon sa kababaihang tumataas sa mga posisyon ng pamumuno s mga pangunahing institusyon ng Gobyerno.
- Ang isang propesyonal na asosasyon ng kababaihang abogado sa Ghana ay nagpapatupad ng inisyatibo para i-update at baguhin ang mga programa at patakaran para pumasok at lumago ang kababaihan sa legal na propesyon. Ang inisyatibong ito ay nakipagpangkat sa rehiyonal na kompanya ng pagdisenyo ng asal sa South Africa na nag-aaral at bumubuo ng asal na udyok para makilala ang mga lever sa loob ng akademiko at pampublikong institusyon para itaguyod ang mga patakaran at kasanayan na nagpapalakas sa mga daanan para umangat ang kababaihan sa mga pangunahing legal na institusyon sa rehiyon.
- Ang pinamumunuan ng kababaihang sibil na organisasyon sa Peru ay nagpapatupad ng inisyatibo para suportahan ang mga kababaihang paralegal na nagtatrabaho sa antas ng komunidad para matugunan ang panlipunan at pang-empleyong karapatan ng mga hindi pormal na trabahador. Nakatuon ang inisyatibo sa pagtugon sa mga paghamon na hinaharap ng mga kababaihang paralegal sa mga interaksiyon nila sa mga pampublikong institusyon, lalo na ang sekswual na panliligalig sa lugar ng trabahong pagkiling. Lumilikha din ang inisyatibo ng mga oportunidad para sa kababaihang paralegal makakuha ng pagsasanay at pagsamahin ang mga oportunidad na matuto mula sa bawat isa at lumikha ng pambansang network.

## 3. MGA CATALYTIC GRANT

### LAYUNIN

Aalagaan ng mga grant na ito ang mga magagandang inisyatibo na alinman na nasa yugtong Pre-Anchor (nakatuon sa kalusugan, edukasyon, at/o pang-ekonomiyang oportunidad) o yugtong Pre-Domain (nakatuon sa mga domain ng batas at/o ekonomiya).

Ang klase ng grant na ito ay hindi sumusuporta sa bago, eksperimentong ideya; sa halip, susuporta kami ng maagang yugtong inisyatibo sa mabuting nabuong ideya na nasubukan sa partikular na konteksto at makikinabang sa paggalugad sa mga pathway para sa napanatiling nasusukat na pagbabago.

Ang klase ng grant na ito ay napakahalaga dahil sa katotohanan na ang mga organisasyong pinamumunuan ng kababaihan mula sa Global South ay madalas hindi kasama sa nagbabagong oportunidad sa pagpopondo. Samakatuwid **100% ng ating mga Catalytic grant ay mapupunta sa pinamumunuan ng kababaihang mga organisasyon sa Global South.**[8]

## MGA DETALYE NG GRANT

Ang bawat Catalytic Grant ay susuporta sa mga inisyatibo na nagpapakita ng potensiyal na malawakang ipatutupad sa mga sistema ng kalusugan, edukasyon, o pang-ekonomiyang oportunidad, o institusyonal na pagbabago sa mga pangunahing domain ng batas o ekonomiya. Ang tinatayang saklaw ng Mga Catalytic Grant ay **US $1-3 milyon sa buong panahon ng grant na 3-4 na taon.**

## MGA PAGLALARAWANG HALIMBAWA

*Sa ibaba ay magbibigay kami ng ilang malalawak na paglalarawan:*

**Ano ang maaaring suportahan ng Mga Catalytic Grant:**

- Naipamamalas na kakayahang kumita ng isang malawakang matagumpay na modelo/pamamaraan
- Pagsubok sa mga nasusukat na pathway sa pamamagitan ng partikular na sistema/institusyon
- Pagsasama ng mga pagtutulungan at koalisyon na kailangan para sa nasusukat at napanatiling epekto
- Paggawa ng katibayan at/o pagbuo ng makapangyarihang koalisyon para maimpluwensiyahan ang mga pangunahing institusyon

**Ano ang hindi susuportahan ng Mga Catalytic Grant:**

- Nascent na ideya o maagang pag-develop ng modelo
- Linear scaling ng direktang implementasyong modelo
- Eksploratoryong pananaliksik para makilala ang mga puwang/pangangailangan o higit na i-develop ang ideya

Walang isang klase ng grant ang tinuturing na mas mahalaga kaysa sa iba. Ang Anchor at/o Domain grant ay hindi limitado sa anumang klase ng organisasyon pero pinag-iba batay sa kanilang mga sektor/domain ng pagtuon. Ang mga laki ng grant ay hindi rin nilalayong magkomunika ng kahalagahan, pagkakasunod-sunod, o klase ng dahilan o pamamaraan. Hindi rin sila nilalayong magposisyon ng ilang mga grant bilang instrumental sa mga layunin ng kabila. Ang paglalayon ay para makilala na ang mga organisasyon ay tumatako sa magkakaibang antas, may magkakaibang pangangailangan sa budget, at nasa magkakaibang yugto ng pag-develop. Ang pagkakaiba ng klase ng grant ay nilalayong magbigay ng pagkakataong magtrabaho sa mas malawak na set ng mga artista kaysa mayroon tayo sa nakaraan. Ang average na grant na saklaw at panahon sa itaas ay indikasyon at maaaring baguhin batay sa mga pangangailangan at konteksto ng magkakaibang inisyatibo pati na ang ating sobre ng pagpopondo.

Nagbibigay ang talahanayan sa ibaba ng mga detalye ng mga pangangailangan sa kuwalipikasyon ayon sa klase ng grant:

| KUWALIPIKASYON | ANCHOR GRANT | DOMAIN GRANT | CATALYTIC GRANT |
|---|---|---|---|
| **Mga Kalalabasan at Sukatan ng Epekto** | Ang mga inisyatibo ay nagreresulta sa malaking pagbuti sa isa o mas marami pa sa kalalabasang patas sa kasarian sa kalusugan, edukasyon, at (mga) pang-ekonomiyang sistema.<br><br>Ang panukalang inisyatibo ay may mataas na potensiyal para sa malakihang pagbabago at nakapintong pabutihin ang isang milyong buhay o mahigit pa sa 5-6 taong panahon. | Ang mga inisyatibo ay nagreresulta sa positibong institusyonal na pagbabago, iyon ay, mga pagbubuti o paglikha ng mga patakaran, kasanayan, kultura, at/o daanan at mga network para madagdagan ang kababaihan sa mga posisyong pamumuno sa kritikal at/o sumusuportang institusyon sa Batas o Ekonomiya | Ang malaking pagbuti sa patas sa kasarian na rsulta para sa mga inisyatibo sa Pre-Anchor na yugto o positibong results sa institusyonal na pagbabago para sa mga inisyatibo sa Pre-Domain na yugto. |
| **Katibayan (may karagdagang patnubay ang makukuha rito)** | Kailangan namin ang mga inisyatibo para magbigay ng pagsusuri/pagtatasa na nagpapakita ng sentrong pamamaraan/modelo/(mga) ideya sa gitna ng inisyatibong gawain at nakamit ang nilalayong kalalabasang antas ng tao. Pinahahalagahan namin ang mga pagsusuri na makabuluhan, mahigpit, at mataas ang kalidad, pero hindi kailangan ang paggamit ng anumang partikular na metodolohiya. | Hindi kailangan ang independiyenteng pagsusuri o pagtatasa pero ang pagbabahagi ng katibayan ay bumubuo ng mas malakas na kaso para sa panukalang inisyatibo. | Hindi kailangan ang independiyenteng pagsusuri o pagtatasa pero ang pagbabahagi ng katibayan ay bumubuo ng mas malakas na kaso para sa panukalang inisyatibo. |
| **Track record** | Ang Pangunahing Organisasyon at/o consortium/koalisyon ng mga organisasyon sa inisyatibo ay nagtatrabaho sa isyu ng hindi bababa sa 5 taon.<br><br>Ang panukala o masyadong magkatulad na mga sistemang pagbabagong inisyatibo ay isinasagawa na (hindi start-up o inisyal na pilot), at sa nakaraang taon ay nakinabang ang hindi bababa sa 10,000 tao sa malaking paraan. | Ang Pangunahing Organisasyon at/o consortium/koalisyon ng mga organisasyon sa inisyatibo ay nagtatrabaho sa isyu ng hindi bababa sa 3 taon.<br><br>Ang panukalang inisyatibo ay sa kasalukuyang nagtatrabaho sa institusyonal na pagbabago at may pakikipagtulungan na nakatalaga sa isa o mas marami pang Kritikal o Pangsuportang institusyon sa alinman sa domain ng Batas o Ekonomiya. | Ang Pangunahing Organisasyon at/o consortium/koalisyon ng mga organisasyon sa inisyatibo ay nagtatrabaho sa isyu ng hindi bababa sa 2 taon. |
| **Kapasidad ng Organisasyon** | Inaatas namin ang mga audited na pinansiyal para sa pinakahuling taong makukuha para sa Pangunahing Organisasyon.<br><br>Ang Pangunahing Organisasyon ay may malaking kapasidad at track record para magtrabahi sa scale; ang taunang budget sa huling pinansiyal na taon ng Pangunahing Organisasyon ay hindi bababa sa US$ 500,000 o katumbas. | Humiling kami ng mga na-audit na pinansiyal para sa pinakahuling taong makukuha para sa Pangunahing Organisasyon. | Humiling kami ng mga na-audit na pinansiyal para sa pinakahuling taong makukuha para sa Pangunahing Organisasyon. |

# Ang aming proseso ng aplikasyon

Ang panahon ng aplikasyon ay bukas mula **Setyembre 30 hanggang Disyembre 20, 2021**. Ipasusumite ang mga aplikante ng aplikasyon mo sa pamamagitan ng **link na ito**. Pahihintulutan ka ng sistema ng aplikasyong ito na kumpletuhin ang iyong intake form para sa basic na pang-organisasyon at inisyatibong impormasyon at tala ng konsepto pati na ang pag-upload ng pangsuportang dokumentasyon. Ang parehong template ng tala ng konsepto ay gagamitin sa lahat ng mga klase ng grant.

Ang kagustuhan namin ay matanggap ang tala ng konsepto sa Ingles. Subalit, kinikilala namin ang ang Ingles ay hindi ang pangunahing wika para sa maraming aplikante, samakatuwid, tatanggapin namin ang mga tala ng konsepto sa Bahasa (Indonesia), French, Portuguese, Spanish, at Tagalog.

Mangyaring sumangguni sa layunin at pangkuwalipikang pamantayan para sa bawat klase ng grant para madetermina ang klase ng grant na ina-aplayan mo. Maaari naming baguhin ang kategorya ng klase ng grant sa panahon ng proseso ng pagrepaso, kung saang kaso ay ipapaalam namin sa iyo. Ang aming pamantayan sa pagpili at pag-iskor na rubric ay makukuha rito.

Inaasahan naming gamitin ang sumusunod na proseso at mga timeline para dumating sa panghuling desisyon sa grant na tinatayang gawin sa pagtatapos ng Oktubre 2022.

| PROSESO NG PAGREPASO AT PAGPILI | | MGA PETSA |
|---|---|---|
| **Konsiderasyon sa pagkukunan at inisyatibo** | Panahon ng bukas na tawag para tumanggap ng mga aplikasyon | Ika-30 ng Setyembre hanggang ika-20 ng Disyembre 2021 |
| | Notipikasyon ng kuwalipikasyon sa lahat ng mga aplikante | Pagtatapos ng Enero 2022 |
| | Inisyal na konsiderasyon ng lahat ng isinumiteng tala ng konsepto | Enero hanggang Marso 2022 |
| **Detalyadong pagsumite ng panukala at konsiderasyon** | Paggawa ng panukala at panahon ng pagsumite | Abril hanggang Mayo 2022 |
| | Pangalawang pagrepaso ng mga detalyadong panukala | Hunyo hanggang Hulyo 2022 |
| **Nauukol na Kasipagan at Mga Pagbisita sa Site** | Virtual/nasa bansang pagbisita ng site at hiling sa karagdagang kaugnay ng kasipagang impormasyon.[9] | Agosto hanggang Setyembre 2022 |

Napagtanto namin na ang pag-unawa sa ating mga pangangailangan at pag-apply sa mga grant ay kumukonsumo ng maraming oras at pagsusumikap at salamat sa iyong interes.

## Mga tanong at pag-uusap:

Umaasa kami na ang impormasyong nilaan dito ay nakakatulong. Pakitandaan na, sa kasamaang-palad, sa maliit na pangkat, sa pangkalahatan ay hindi namin maisasagawa ang mga indibiduwal na pag-uusap o magbigay ng indibiduwal na pagpuna. Balak naming magsagawa **ng hindi bababa sa 3 pampublikong webinar** sa panahon ng bukas na pagtawag (mula Oktubre hanggang Disyembre 2021) para daanan ang proseso at sagutan ang mga tanong mo – *tingnan dito para sa higit pang detalye*. Mangyaring *mag-click dito para magpatala* para makatanggap ng email tungkol sa anumang mga update na maaaring magawa namin tungkol sa prosesong bukas na tawag. Maaari din kaming magbigay ng paminsan-minsang update sa aming website. Salamat sa pag-unawa mo.

# Endnotes

1 Sa kabuuan ng dokumentong ito, ang paggamit natin ng "kasarian" at/o "kababaihan at mga batang babae" ay nangangahulugang inklusibo sa lahat ng mga kinikilala ang sarili nila bilang kababaihan at mga batang babae sa spectrum ng kasarian.

2 Tinutukoy ng inisyatibo ang mga sistema/institusyonal na pagbabagong pagsusumikap at pangkat ng mga tao na nagtatrabaho para isagawa ito. Maaaring kasama nito ang isang organisasyon o maraming organisasyon na magkasamang nagtatrabaho. Ang Nangungunang Organisasyon ay tumutukoy sa organisasyon na sa kalaunan ay ang pangunahing mananagot na pratido para sa panukalang "Inisyatibo.

3 Para sa higit pang detalye, sumangguni sa Co-Impact's Approach to Gender Equality and Intersectionality.

4 Mas gusto namin ang termining ito kaysa sa "grantee" dahil sa palagay namin ang organisasyon ay hindi dapat mabigyang-kahulugan ng katotohanan na nakakatanggap ito ng mga pondo.

5 Inaatasan natin ang mga aplikanteng kumpirmahin na ang kanilang organisasyon/partnership ay hindi isang pulitikal na kampanyang nagtataguyod ng partikular na kandidato o partido. Hindi ito nilalayong pigilan ang mga pagsusumikap sa adbokasya. Ang mga pamamagitan sa patakaran ay maaaring bahagi ng inisyatibo, pero sa pangkalahatan ay hindi namin sinusuportahan ang "lobbying" na naglalayong baguhin ang partikular na lehislasyon.

6 Kinikilala namin na walang iisang, magic diskarte sa sistema ng pagbabago at paglutas ng gender inequalities, at na ito ay tumatagal ng ang kolektibong pagkilos ng maramihang, magkakaibang mga ahente.

7 Detalyadong ipinaliwanag sa Co-Impact Handbook, tingnan ang pahina 15 hanggang 18

8 *Ang mga Catalytic grant ay hindi nilalayong magkomunika na ang organisasyon mismo ay nasa maagang yugto ng paglago nito.* Kinikilala namin na ang ilang inisyatibo ay walang sapat na oras o dulugang kailangan nila at makikinabang mula sa mas mahabang runway para gumawa ng mga istratehikong pathway para sa napapanatiling malawakang epekto. Ang klase ng Catalytic grant ay nilalayon para pahintulutan ang mas mahabang runway at nagpapakita ng mahalagang oportunidad para sa mga pinamumunuan ng kababaihang organisasyon para matanggap ang maramihang taon, umaayong pagpopondo at suportang kailangan para rito.

9 Pakitandaan na maaari kaming kumonsulta sa katuwang na organisasyon, mga eksperto, at ibang ikatlong partido tungkol sa impormasyong nilaan mo sa pagsumite mo. Ang panghuling desisyon ay gagawin sa solong determinasyon ng Co-Impact batay sa malawakang pagrepaso at proseso ng kasipagan, kasama ang mga input mula sa mga panlabas at panloob na pangkat, para malaman ang pinakamahusay na babagay sa portfolio ng Pondo ng Kasarian. Salamat sa pag-unawa mo.